
# KILALANIN SI CEBISILE mula sa South Africa

*Kilalanin ang mga batang Primary na tumutulong sa iba, tulad ng ginawa ni Jesus.*





## Lahat ng tungkol kay Cebisile

**EDAD:** 8

**MULA SA:** Gauteng, South Africa

**MGA WIKA:** Ingles at Zulu



**MGA MITHIIN AT PANGARAP:**
1) Makinig sa pangkalahatang kumperensya.
2) Maging propesyonal na gymnast.



**PAMILYA:** Cebisile, Inay, Itay, dalawang nakatatandang kapatid na babae, at isang nakatatandang kapatid na lalaki



MGA PAGLALARAWAN NI LISA HUNT

## Ang mga Matulunging Kamay ni Cebisile

May kaibigan si Cebisile sa paaralan na napakamahiyain. Kapag nasa labas ng klase, hindi nakikipaglaro dito ang iba pang mga bata. Kaya niyaya ito ni Cebisile na makipaglaro sa kanya.

Sa Linggo ng ayuno, nag-ayuno at nanalangin si Cebisile at ang kanyang pamilya para sa mga nangangailangan ng tulong. "Ang paglilingkod sa iba ay nagbibigay sa akin ng masayang pakiramdam," sabi ni Cebisile. "Gustung-gusto kong gawin ang gagawin ng Tagapagligtas. Gustung-gusto ko ang mainit na damdamin sa puso ko na nagmumula sa Espiritu Santo." ●





**Sinusunod ni Cebisile si Jesus sa pamamagitan ng pag-iisip sa iba at kung ano ang kailangan nila. Buklatin ang pahina upang basahin ang isang kuwento kung paano iniisip ni Jesus ang ibang tao.**


## Mga Paborito ni Cebisile

**LUGAR:** Ang perya




**KUWENTO TUNGKOL KAY JESUS:** Nang pakainin ni Jesus ang 5,000 katao ng ilang tinapay at ilang isda lamang





**AWITIN SA PRIMARY:** "Ang Katapangan ni Nephi," (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 64–65)

**MGA PAGKAIN:** Kota (tinapay na may mga chip, sausage, at keso)



**KULAY:** Asul na parang langit



**KLASE SA PAARALAN:** Life skills



**Sumali sa Grupo ng mga Matulunging Kamay!**

Kapag naglilingkod ka sa iba, ikaw ay bahagi ng Grupo ng mga Matulunging Kamay! Sino ang maaari mong paglingkuran?